PAGKAKAIBA–IBA NG KLINIKAL NA PAGSUBOK

Fact Sheet

Ang mga klinikal na pagsubok ay mga pag-aaral sa pagsasaliksik na kinabibilangan ng mga taong nagboluntaryo upang suriin ang mga produktong medikal gaya ng mga gamot, bakuna, o mga aparato para sa kaligtasan at pagiging epektibo. Ang mga pag-aaral na ito ay maaari ring ipakita kung aling mga produktong medikal o therapies ang pinakamahusay na gumagana para sa mga taong may ilang mga karamdaman o para sa ilang mga grupo ng mga tao. Tinitiyak na ang mga tao mula sa magkakaibang pinagmulan na sumali sa mga klinikal na pagsubok ay susi sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay sa kalusugan.

Office ng Minority Health at Health Equity

5 bagay na dapat mong malaman tungkol sa mga klinikal na pagsubok

1. **Ang mga klinikal na pagsubok ay mga pag-aaral sa pagsasaliksik na isinasagawa sa mga tao** — ang mga ito ay dinisenyo upang sagutin ang mga partikular na katanungan sa pananaliksik tungkol sa mga produktong medikal o therapies.
2. **Ang pakikilahok ay palaging kusang-loob** — maaari kang mag-iwan ng pag-aaral kahit kailan mo gusto.
3. Ang mga klinikal na pagsubok ay madalas na nangangailangan ng **malusog na mga boluntaryo** upang matulungang masagot ang mga tanong sa pagsasaliksik.
4. **Ang iyong kaligtasan ay isang priyoridad.** Dapat sundin ng mga mananaliksik ang mga detalyadong protokol at mga kinakailangan sa kaligtasan ng FDA upang gawin ang bawat pagsubok na ligtas hangga't maaari.
5. Ang pag-aaral ay ipapaliwanag sa iyo sa isang may **kaalamang proseso ng pahintulot** bago ka sumang-ayon na sumali.

Ang kahalagahan ng magkakaibang paglahok sa mga klinikal na pagsubok

Ang mga kalahok sa mga klinikal na pagsubok ay dapat na kumatawan sa mga pasyente na gagamit ng mga produktong medikal. Madalas ay hindi ganito ang kaso- ang mga tao mula sa lahi at etnikong minorya at iba pang magkakaibang mga grupo ay walang representasyon sa klinikal na pagsasaliksik. Ito ay isang pag-aalala dahil ang mga tao nang iba't ibang edad, lahi, at etniko ay maaaring iba't-iba ang maging reaksyon sa mga produktong medikal. Upang makamit ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan para ang lahat ay maaaring makinabang mula sa mga klinikal na pagsubok, nakatuon kami sa paggawa ng mga hakbang upang baguhin ito.

Ang pagsali sa klinikal na pagsubok ay maaaring mahusay na pagpipilian para sa iyo kung:

- Ikaw at ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay naniniwala na ang isang klinikal na pagsubok ay maaaring magbigay ng isa pang pagpipilian kapag nabigo ang karaniwang mga paggamot.
- Nais mong makatulong na subukan ang mga bagong produktong medikal o therapies sa magkakaibang mga pasyente na malamang na gamitin ang mga ito.
- Nais mong tulungan ang mga mananaliksik na makahanap ng mas mahusay na mga paraan upang labanan ang mga karamdaman.

Matuto nang higit pa

Kung sa palagay mo ang isang klinikal na pagsubok ay nararapat para sa iyo, kausapin ang iyong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari ka ring maghanap para sa mga klinikal na pagsubok sa iyong lugar sa **www.clinicaltrials.gov.** Upang manuod ng mga video at matingnan ang isang listahan ng mga katanungan upang tanungin ang mga mananaliksik, bisitahin ang **www.hhs.gov/about-research-participation**

Upang makakuha ng maikling impormasyon tungkol sa kung sino ang lumahok sa mga klinikal na pagsubok na sumuporta sa pag-apruba ng FDA ng mga bagong gamot, bisitahin Drug Trials Snapshots at **www.fda.gov/drugtrialssnapshot.**

Para sa iba pang impormasyon sa pagkakapantay-pantay sa kalusugan, bisitahin ang **www.fda.gov/healthequity.**

Ang FDA, ahensya na napapaloob sa Departamento ng Kalusugan at Pangmakataong mga Serbisyo ng U.S, pinangangalagaan ang kalusugan ng publiko at sinisigurado ang kaligtasan, pagiging epektibo, at seguridad ng pangtao at maghayop na mga gamot, bakuna at iba pang mga biological na produkto para sa paggamit ng tao, at mga medikal na aparato. Ang ahensya ay responsable rin sa kaligtasan at seguridad ng suplay ng pagkain sa ating bansa, cosmetics, mga sumplementong pangdieta, at mga productko na nagbibigay ng mga elektronik na radation, at para sa regulasyon ng mga produktong tobako.